LITERARI

Pagkatapos ng Iyong Pulong Para kay Ka R.

ni Kasamang Olive

Hindi gaya ng ibang gabi
mistulang laan ang isang ito
sa paghihintay na walang pagal.
Bilin mo, pagkatapos ng pulong
sabay tayong maghahapunan.
Bukas pa sana itong ulam.
Ang paborito mong
pritong Lapu-lapu at talbos
ng kamoteng sinigang. Mamaya,
sasandukin ko ang mainit na kanin.
May isang kamatis
na hiniwa ko nang maliliit
at inilagay sa toyong
pinatakan ng paminta
At binusang bawang.
Mag-aalas-otso na.
Isang oras ka nang
lumisan sa Punturin.
Pagpatak ng alas-diyes,
hindi lamang kanin at ulam
ang dinapuan ng lamig.
Nakabibingi ang kutob
sa bawat pagsilip ko
sa namamanhid na telepono.
Mag-aalas dose na
at kailangan ko nang itago muna
ang ating hapunan.
Naparam ang gutom
pagkat karera ng balisa
at bagabag ang dumaloy
sa isip ko't dibdib.
Maliit ang mesang
saksi sa kumpas ng kaba
sa mga ugat ng namumulang
mata at namumutlang palad.
Baliko na ang upuan
sa isip at pananaw kong
nagwawari at nagbubulay
sa iyong lagay. Kinabukasan,
hindi pa rin mababawasan
ang mga inihanda kong ulam.
Isang gabi,
isang linggo,
ilang pagbilog ng buwan.
Hindi pa bumabalik
ang buong huwisyo.
Walang pahintulot
ang pagluha at pagtangis
ngayon at maging
sa maraming bukas.
Sapagkat sa paghihintay
patuloy na isusulong
ang mga gawain
nang walang kapagalan.
Isa lang ang sigurado:
Magbabalik ka
at maghihintay ako
kasama ng libo
at lilang kamao.

MAKIBAKA Library

Itinataguyod ng MAKIBAKA ang mga rebolusyonaryong awit, pelikula at dokumentaryo bilang bahagi ng pagsusulong ng rebolusyonaryong kultura. Kaugnay nito, maaaring magbahagi ng inyong mga tula, artikulo, drawing, o na-prodyus na bidyo. May koleksyon ng rebolusyunaryong audio, video, at mga sangguniang babasahin ang MAKIBAKA. Maaaring sabihin sa inyong MAKIBAKA organizer kung gusto ninyong kumopya, magbigay lamang ng blangkong USB.

Itaguyod ang rebolusyonaryo at mapagpalayang kultura!

Ang Pamatnugutan ng MALAYANG PILIPINA

Roja Bayle
Olive Montana
Marya Kalayaan
Keren Nina

Nais pasalamatan si Ka *Urduja* para sa kanyang dibuho. Nais rin bigyang credit ang mga larawang hiniram mula sa *Philippine Collegian* at sa *Bulatlat.*

malayangpilipina@protonmail.com
@Makibaka1972

MALAYANG PILIPINA

Ang **MALAYANG PILIPINA** ay opisyal na babasahin ng **MAKIBAKA** na inililimbag apat na beses isang taon.Bukas po ang patnugutan sa anumang puna o mungkahing nais ninyong iparating. Tumatanggap din ang Malayang Pilipina ng kontribusyon sa anyo ng artikulo, balita, tula at maikling kwento. Maaari itong ipaabot sa opisyal na email ng MAKIBAKA.

ISYU #1 **Disyembre 2022**

EDITORYAL

Palakasin at patatagin ang rebolusyonaryong kilusang kababaihan at ubos-kayang isulong ang pambansa-demokratikong rebolusyon!

Hindi na maikukubli ng naghaharing kapitalistang sistema sa daigdig ang pagkabulok nito. Umabot na sa halos tatlong taon ang pagbalot ng pandemya sa buong mundo at ang binungang malawakang krisis pang-ekonomiya na higit na pumapatay sa mga ordinaryong mamamayan. Saklot rin ang daigdig ng kaliwa't kanan na imperyalistang gyera sa pangunguna ng Estados Unidos. Mula sa nagpapatuloy na inter-imperyalistang digma sa Syria hanggang sa Ukraine, libu-libong kababaihan, bata at mamamayan ang biktima ng walang humpay na paninibasib ng mga imperyalistang kapangyarihan.

Sa kasalukuyan, nananatiling walang pinag-iba ang dustang kalagayan ng Pilipinas bilang mala-kolonyal at mala-pyudal na bayan. Walang kaparis bagkus pinakamasahol ang krisis sa ilalim ng rehimeng US-Marcos II. Sa pagbulusok pa ng ekonomiya ay patuloy ang pagbaba ng empleyo,kung saan nito lamang Oktubre ay

may kalahating milyong Pilipino ang nawalan ng trabaho. Kasabay nito ang halos 20 milyon sa impormal na paggawa dahil sa kawalan ng maayos na trabaho, na siyang naging katangian ng empleyo mula noong pandemya. Samantala, mumo ang umento sa sahod na ibinigay ng regional wage boards, patuloy ang malawakang kontraktwalisasyon at pagsiil sa karapatang mag-unyon ang dinaranas ng uring manggagawa.

Habang sa mga magbubukid at magsasaka, nagpapatuloy ang pang-aagaw sa lupa at walang puknat na pambabarat sa presyo ng mga agrikultural na produkto lalo na sa palay at kopra. Umabot na sa 8% nitong Nobyembre ang implasyon kaya hindi makaangkop ang uring anakpawis sa walang humpay na pagtaas ng presyo ng langis at batayang bilihin. Lahat ito ay nagsasadlak sa matinding kahirapanat kagutuman sa mamamayan.

Napagtagumpayang manakaw ang Eleksyong 2022 at nakapanumbalik sa kapangyarihan ang mga Marcos. Nakapanatili rin sa pwesto ang mga Duterte. Ang salot na tandem ng Marcos at Duterte ay nagpapatuloy at higit na magpapaigting sa krisis na kinakaharap ng bansa. Ang pamanang labintatlong trilyung inutang ni Rodrigo Duterte at dinaragdagan pa ni Marcos II ay walang pakinabang sa mamamayan. Subalit mamamayan ang primaryang kumakarga sa pagbabayad. Ni walang agarang ayuda mula sa gubyerno ang matamasa ng masa at nananatiling bulok at ginawang negosyo ang sistema para sa batayang pampumblikong serbisyo. Pinag-interesan pang nakawin ang pinaghirapang kontribusyon ng mamamayan sa GSIS at SSS para sa Maharlika Investment Fund na tiyak na magiging daluyan ng pagnanakaw at korapsyon ng naghaharing rehimen.

Ang pagtindi ng krisis ay nangangahulugan din ng pagtindi ng pasistang atake sa mamamayang lumalaban. Sa pamamagitan ng mga reaksyunaryong instrumento ng estado, ang kritisismo at paglaban ay tinatatakan bilang terorismo. Kasabay nito, walang puknat ang red-tagging, malawakang paniniktik at pananakot, gawa-gawang mga kaso, tortyur, at pagpatay sa mga kinakategorya nilang kalaban ng estado.

Kaya hindi nakakapagtaka na itinutulak ng kalagayan ang paglaban at pagbigo ng mamamayang Pilipino sa pasistang paghahari ng Marcos at Duterte. Ang nakaraang Eleksyon 2022 ay nagpatunay sa kahungkangan ng demokrasya sa ilalim ng mga naghaharing uri. Hindi nito mapipigilan ang paghawan ng daan para ultimong wasakin ang nabubulok na pampulitikang sistema, ipagtagumpay ang demokratikong rebolusyong bayan at isulong ang rebolusyon para itayo ang sosyalistang lipunan.

Sa darating na Disyembre 26, buong lakas at tatag nating ipagdiwang ang ika-54 taong anibersaryo ng pagkakatatag ng Partido Komunista ng Pilipinas. Pagpugayan natin ang kanyang patuloy na pamumuno sa rebolusyonaryong kilusan upang ibagsak ang imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo. Gayundin, pagpugayan natin ang libu-libong martir ng sambayanan na nag-alay ng buhay para sa sambayanan. Gawin nating higit na makabuluhan ang ating pagdiriwang sa pamamagitan ng pagpapalawak at pagpapalakas ng rebolusyonarong hanay ng kababaihan. Magparami tayo ng kasapian at magpasampa sa kanayunan. Ang isang matatag na kilusan ay hindi matutuyuang balon ng mga rebolusyonaryo na siyang patuloy na babagtas sa landas ng pambansa-demokratikong rebolusyon hanggang sa tagumpay!

Pinakamataas na Pagpupugay para kay Ka Joma!

Labis ang dalamhati ng rebolusyonaryong kilusan ng kababaihan sa pagpanaw ni Ka Jose Maria Sison, isa sa mga nanguna sa pagtataguyod ng proletaryong rebolusyon sa Pilipinas. Kami, sampu ng uring anakpawis sa buong daigdig ay nakikiisa sa pagpupugay at paggunita kay Ka Joma bilang isang mabuting anak ng bayan, dakilang rebolusyonaryo at proletaryong internasyunalista.

LITERARI

MUNTING KALATAS KAY ADORA

ni Kasamang Olive

Di mo miminsang pinatawid
Sa tulay ng talinghaga
Ang gunita ng karsel.
Higit pa sa dalawang ulit
Na itinakas mo
Ang katawang hapo
Sa bugbog ng bota at kamao.
Labis pa sa sandaang beses
Na pinakabisado sa iyo
Ang doktrina sa pagtusta ng balat
Sa ibinabad na kuryente
At inihaw na yelo.
Lamang sa libong pagkakataon
Na hinubad ng mga halimaw
Ang iyong damit at saplot--
Pangahas silang naniniwala
Na magugutay ang iyong gunita,
Masisimot ang subersibong dugo,
At mapapatay ang panatang
Hindi na kailangang patunayan
Sa salita o muling pagsumpa.
Kapos ang anomang metro o tomo
Bilang panukat sa katapatan mo
Sa rebolusyonaryong pakikibaka.
Ipagkait man ang lapis, papel o aklat,
Batid namin ang tinuran mo.
Ipanatag mo ang loob at isip
Kahit malaon ang paglaya
Papalapit ang mapulang Umaga.
Laksa-laksang MAKIBAKA
Ang hindi kailanman hihinto
Hanggang sa huling paniningil
Sa mga Marcos at mga berdugo!
Katatagan mo ay bagong sulo
Tangan ng mga rebolusyonaryang
Iginuguhit ang ngayon at bukas
Sa landas ng digmang bayan.